**Foundation for Media Alternatives**

# ISANG GABAY UKOL SA
# PHILSYS:
# PHILIPPINE IDENTIFICATION SYSTEM

Unang Edisyon (2018)

**Orihinal na Isinulat sa Ingles ni:**
**ATTY. JAMAEL JACOB**

**Isinalin sa Filipino ni:**
**Miguel Louie de Guzman**
**Maristela Miranda**
**Micah Elyza Miranda**

# Mahalagang Paalala

Ang gabay na ito ay binuo at unang inilathala sa wikang Ingles noong taong 2018 at isinalin sa wikang Filipino sa taong 2024. Ang lahat ng impormasyong nakasaad dito ay batay lamang sa Republic Act No. 11055 o Philippine Identification System Act at sa kanyang Implementing Rules and Regulations nito. Ibig sabihin, kung meron pang ibang inilabas na mga alituntunin ang Philippine Statistics Authority (PSA) tungkol sa implementasyon ng PhilSys Act, hindi sila hindi isinaalang-alang ng dokumentong ito.

Ang tanging layunin ng gabay na ito ay maging patnubay para sa mga taong nais magparehistro sa at gumamit ng PhilSys. Hindi siya dapat ituring na opisyal na pahayag ng PSA o ng kahit alin mang ahensya ng pamahalaan.

## Mga Akronim

| AKRONIM | PANGALAN |
|---|---|
| DPA | Data Privacy Act of 2012 |
| GFI | Government Financial Institutions |
| GOCC | Government Owned and Controlled Corporation |
| IRR | Implementing Rules and Regulations (ng PhilSys Act) |
| LGU | Local Government Unit |
| PhilSys Act | Philippine Identification System Act |
| PSA | Philippine Statistics Authority |
| PSN | PhilSys Number |
| PSPCC | PhilSys Policy and Coordination Council |
| RA 11055 | Republic Act No. 11055, kilala rin bilang PhilSys Act |
| SUC | State Universities and Colleges |

# Talaan ng mga Nilalaman


## MGA BATAYANG IMPORMASYON TUNGKOL SA PHILSYS

1. Ano ang PhilSys?
2. Anu-ano ang mga layunin ng PhilSys?
3. Ano ang mga pangunahing bahagi ng PhilSys?
4. Ano ang PhilSys Number (PSN)?
5. Kinakailangan bang magtalaga ng PSN para sa lahat ng Pilipino at *resident alien*?
6. Maaari bang mapawalang-bisa ang PSN?
7. Maaari bang muling mabigyang-bisa ang PSN?
8. Ano ang *PhilSys Registry*?
9. Ano ang *Registered Records*?
10. Ano ang *Record History*?
11. Ano ang *Registered Information*?
12. Ano ang PhilID?
13. Ano ang gamit ng PhilID?
14. Kinakailangan bang mag-isyu ng PhilID sa lahat ng rehistradong tao?
15. Libre bang ibibigay ang PhilID?
16. Anu-anong impormasyon ang makikita sa harap ng PhilID?
17. Ano ang mangyayari sa PhilID kung ipawalang-bisa ang kaugnay nitong PSN?
18. Mabibigyan ba ang isang tao ng panibagong PhilID kapag nabigyang-bisa muli ang kanyang PSN?

## PAGREHISTRO

19. Sino ang kinakailangang magrehistro sa PhilSys?
20. Saan pwedeng magrehistro para sa PhilSys?
21. Ano ang kailangan upang makapagparehistro?
22. Ano ang mangyayari kung may mga pagkakaiba sa impormasyong nakasaad sa *Application Form* ng isang tao at sa kanyang mga pansuportang dokumento?
23. Maaari pa bang magrehistro sa PhilSys ang isang tao kung hindi makapagpakita ng anumang pansuportang dokumento?
24. Anong impormasyon ang kokolektahin mula sa isang tao para sa kanyang rehistrasyon?
25. Ano ang mangyayari kung makitang may katulad na *demographic* at *biometric information* ang nagrerehistro?
26. Ano ang mangyayari kung hindi makuha o makolekta ang *biometric information* ng isang tao?
27. Kailan maituturing na matagumpay ang pagrehistro sa PhilSys?
28. Paano mababago o maitatama ang *registered information* ng isang tao?

## GAMIT AT PAGPAPATUNAY

29. Kailan ginagamit ang PSN o PhilID?
30. Maaari bang gamitin ang PSN kahit walang ipinapakitang PhilID?
31. Sa mga anong uri ng transaksyon maaaring gamitin ang PhilID o PSN?
32. May mga limitasyon ba sa paggamit ng PhilID o PSN?
33. Maaari bang gamitin ng PSA ang mga nakolektang impormasyon para sa PhilSys?
34. Paano mapatutunayan ng isang tao ang kanyang pagkakakilanlan?
35. Sino ang maaaring humingi ng pagpapatunay ng PSN?
36. Paano mapatutunayan ng requesting entity ang pagkakakilanlan ng isang rehistradong tao?
37. Ano ang *online authentication*?
38. Ano ang *offline authentication*?
39. Maaari bang pumili ng uri ng pagpapatunay ang mga *requesting entity*?

40. Maari bang mapatunayan ang pagkakakilanlan ng isang rehistradong tao kahit hindi niya maipakita ang kanyang PhilID?
41. Maari bang mapatunayan ang pagkakakilanlan ng isang rehistradong tao kahit hindi niya maipakita ang kanyang PhilID at PSN?
42. Ano ang dapat gawin ng isang *requesting entity* upang makahingi ng pagpapatunay sa PSA?
43. Ano ang mangyayari kung hindi mapatunayan ng PSA ang PhilID o PSN ng isang tao?
44. Libre ba ang paghingi ng pagpapatunay sa PSA?

**SEGURIDAD AT MGA PROTEKSYON**

45. Maari bang gamitin, makuha, o ma-access ng mga *third party* ang *registered information* sa PhilSys?
46. Paano dapat ibigay ng rehistradong tao ang kanyang *consent*?
47. Ano ang kaparusahan kung hindi awtorisado ang pagbibigay sa iba ng *registered information* sa PhilSys?
48. Maari bang ma-access ng isang rehistradong tao ang kanyang sariling *registered information* sa PhilSys?
49. Ano ang ilan sa *security measures* na nakasaad sa batas at sa IRR nito?

**MGA PAGLABAG AT PARUSA**

50. Anu-ano ang mga ipinagbabawal na gawain sa ilalim ng *PhilSys Act* at ang mga kaukulang parusa ng mga ito?
51. Mayroon bang karagdagang parusa para sa mga opisyal o empleyado ng pamahalaan?
52. Ipinagbabawal ba ng *PhilSys Act* ang pagpataw ng iba pang mga parusa batay sa iba pang batas?

**PAMAMAHALA AT PAGPAPATUPAD**

53. Sino ang responsable sa pamamahala ng PhilSys?
54. Paano inaasahang makakakayanan ng PSA ang karagdagang tungkulin nito sa ilalim ng PhilSys Act?
55. Sino ang maaaring maging *Deputy National Statistician* o *Assistant National Statistician*?
56. Ano ang *PhilSys Policy and Coordination Council* (PSPCC)?
57. Sinu-sino ang mga miyembro ng PSPCC?
58. Ilang ahensya ng pamahalaan ang sangkot sa pagpapatupad ng PhilSys?
59. Paano popondohan ang pagpapatupad ng PhilSys?

**PANGKALAHATANG PAGSUSURI**

60. Ano ang ilan sa mga positibong katangian ng PhilSys?
61. Ano ang ilan sa mga negatibong katangian ng PhilSys?

## MGA BATAYANG IMPORMASYON TUNGKOL SA PHILSYS

## 1. Ano ang PhilSys?[1]

Ang *Philippine Identification System* o "PhilSys" ang sentral na plataporma ng pamahalaan ng Pilipinas para sa pagkakakilanlan ng mga Pilipino at mga tinaguriang "resident aliens"—mga dayuhan o banyaga pero may tirahan dito at nakatira na nang higit sa isang daan at walumpung (180) araw. Ang *registered information* sa PhilSys ay kikilalanin bilang opisyal at sapat na patunay ng pagkakakilanlan ng isang tao.

## 2. Anu-ano ang mga layunin ng PhilSys?[2]

a. Makapagtatag ng iisang sistema ng pagkakakilanlan;[3]
b. Makapagbigay ng lehitimong katibayan ng pagkakakilanlan ng isang tao upang gawing mas simple ang mga transaksyon sa pamahalaan at sa pribadong sektor;[4]
c. Matanggal ang pangangailangang makapagpakita ng higit sa isang patunay ng pagkakakilanlan kapag nakikipag-transaksyon sa pamahalaan at sa pribadong sektor, na may kaakibat na tamang pagpapatunay ng pagkakakilanlan gamit ang biometric identification system;[5]
d. Maging isang plataporma upang makakuha ng iba't ibang serbisyo mula sa pamahalaan at pribadong sektor;[6]
e. Maitaguyod ang epektibong pagseserbisyo, mapalakas ang pangangasiwang pampamahalaan, mabawasan ang katiwalian, mapalakas ang financial inclusion, at maitaguyod ang maginhawang pagnenegosyo.[7]

## 3. Anu-ano ang tatlong elemento na bumubuo sa PhilSys?

Ang mga ito ay ang: (a) PhilSys Number; (b) PhilSys Registry; at (c) PhilID.[8]

## 4. Ano ang PhilSys Number?

Ang PhilSys Number (PSN) ay ang natatangi at permanenteng numerong itinatalaga ng Philippine Statistics Authority (PSA) bilang pagkakakilanlan ng isang Pilipino o *resident alien* matapos itong ipanganak o magparehistro sa PhilSys.[9] Ang lahat ng sangay ng pamahalaan at maging ang mga korporasyong pagmamay-ari at kontrolado nito ay inaatasang isama sa kani-kanilang *identification systems* ang PSN ng kanilang mga kasapi dahil ito ang magiging pamantayang numero ng mga nasabing tao sa anumang sangay ng pamahalaan.[10]

---

**1** §6, RA 11055; *tignan din*: §5, IRR.

**2** §3, RA 11055; *tignan din*: §3, IRR.

3 §3 (a), IRR; *tignan din*:§2, RA 11055.

4 §3 (b), IRR; *tignan din*: §3, RA 11055.

5 §3 (c), IRR; *tignan din*: §3, RA 11055.

6 §3 (d), IRR; *tignan din*: §3, RA 11055.

7 §3 (e), IRR; *tignan din*: §3, RA 11055.

8 §7, RA 11055; *tignan din*: §6, IRR.

9 §7 (a), RA 11055; *tignan din*: §6 (A), IRR.

10 §7 (a), RA 11055; *tignan din*: §6 (A), IRR.

Kapag nabigyan na ang isang tao ng PSN, ang numerong ito—naka-imprenta man o nasa *electronic format*—ay dapat tanggapin bilang sapat na patunay ng kanyang pagkakakilanlan, matapos ang kinakailangang pagpapatunay.[11]

Hindi maaaring piliin ang magiging PSN ng isang tao.[12] Hindi rin siya maaaring magkaroon ng higit sa isang PSN.[13] Hindi rin ito maaaring paunang-tukuyin o paunang-italaga sa kahit na sino bago pa man ang rehistrasyon.[14]

Ang PSN ng isang menor de edad ay ikakabit sa PSN ng kanyang mga magulang o kaya naman ay ng kanyang ligal na tagapag-alaga (guardian).[15]

**KOMENTO AT/O KATANUNGAN**

1. Hindi ba magsisilbing karagdagang impormasyon na irerehistro sa PhilSys ang pagkabit ng PSN ng menor de edad sa kanyang mga magulang? Kung oo, hindi ba nito epektibong madadaya ang limitasyon sa bilang at uri ng impormasyon na kinakailangang irehistro sa PhilSys?
2. Ang ibig sabihin ba ng "guardian" ay kahit sino mang tumatayo bilang magulang ng isang menor de edad?
3. Paano naman ang ibang indibidwal na nangangailangan din ng tagapag-alaga (hal. ang ibang may kapansanan)? Ikakabit din ba ang kanilang PSN sa kanilang mga tagapag-alaga?

### 5. Kinakailangan bang magtalaga ng PSN para sa lahat ng Pilipino at resident alien?

Oo. Ayon sa batas, lumalabas na kinakailangang magtakda ng PSN sa bawat Pilipino at mga resident alien ng bansa.[16]

### 6. Maaari bang mapawalang-bisa ang PSN?

Oo, ang PSN ay maaaring mawalan ng bisa batay sa mga sumusunod na kadahilanan:[17]

1. pagkawala ng *citizenship* o pagka-Pilipino ng rehistradong tao;
2. pagkawala ng *resident alien status* ng rehistradong tao;
3. pagkabigo na muling makolekta ang *biometric information* ng isang rehistradong tao sa edad na limang (5) taon, kung siya ay na-rehistro nang mas bata pa sa limang (5) taon;
4. pagkabigo na muling makolekta ang *biometric information* ng isang rehistradong tao sa edad na labinlimang (15) taon, kung siya ay na-rehistro nang mas bata pa sa labinlimang (15) taon;
5. pagkamatay ng rehistradong tao;
6. hiling ng rehistradong tao.

[11] §7 (a), §12, RA 11055; *tignan din*: §6 (A), IRR.

[12] §6 (A), IRR.

[13] §6 (A), IRR.

[14] §6 (A), IRR.

[15] §6 (A), IRR.

[16] §7 (a), RA 11055; *tignan din*: §6 (A), IRR.

[17] §9 (A), IRR.

Ang PSN ay maaari ring mapawalang-bisa batay sa mga sumusunod na kadahilanan:[18]

1. pagpapakita ng mali o gawa-gawang mga pansuportang dokumento noong rehistrasyon, o kaya naman ay noong aplikasyon para sa pagpapalit ng mga registered information;
2. Anumang klase ng maling representasyon habang at pagkatapos mag-rehistro sa PhilSys;
3. mapanlinlang na aplikasyon ng *biometric exception*.

Hindi na maaaring maitalaga sa ibang tao ang luma o napawalang-bisang PSN.[19] Hindi na rin mabibigyan ng panibagong PSN ang isang taong may napawalang-bisang PSN.[20]

**KOMENTO AT/O KATANUNGAN**

1. Anu-ano ang epekto o mga epekto ng pagsasawalang-bisa ng isang PSN ng isang tao?
2. Ano ang katwiran sa likod ng pagsasawalang-bisa? Sa karamihan ng dahilan na nasabi, ang pagkakakilanlan ng isang tao ay hindi naman nagbabago. Halimbawa, si Ginoong X ay hindi naman titigil na maging si Ginoong X kapag siya ay namatay.
3. Kailan maaaring hilingin ng isang indibidwal ang pagsasawalang-bisa ng kanyang PSN?
4. Anong ibig sabihin ng maling representasyon “pagkatapos magrehistro”? Bakit ito isa sa mga kadahilanan upang mapawalang-bisa ang PSN?

### 7. Maaari bang muling mabigyang-bisa ang PSN?

Oo. Ayon sa IRR, maaaring muling bigyang-bisa ng PSA ang PSN ng isang rehistradong tao kung siya ay magsu-sumite ng sapat na patunay batay sa mga alituntunin na kanilang itatakda.[21]

**KOMENTO AT/O KATANUNGAN**

Hindi pa rin malinaw kung paano ang magiging proseso ng muling pagbibigay-bisa sa mga PSN habang nakabinbin pa ang alituntunin na itatakda ng PSA.

### 8. Ano ang PhilSys Registry?

Naglalaman ang PhiSys Registry ng mga sumusunod: (1) PSN; (2) *registered records*; (3) *record history*; at (4) *registered information* ng lahat ng mga taong rehistrado sa PhilSys.[22]

Ang Registry ay pagmamay-ari ng PSA na siyang mag-iingat, mamamahala, at mangangasiwa nito. Ituturing itong isang hiwalay na database mula sa iba pang mga database ng PSA.[23]

Ang isang tao na rehistrado sa PhilSys ay tinatawag din na rehistradong tao o “registered person”.[24]

---

[18] §9 (B), IRR.

[19] §9, IRR.

[20] §9, IRR.

[21] §10, IRR.

[22] §7 (b), RA 11055; *tignan din*: §6 (B), IRR.

[23] §6 (B), IRR.

[24] §5 (k), RA 11055; *tignan din*: §4 (1), IRR.

## 9. Ano ang Registered Records?

Ang *registered records* ay ang mga elektronikong kopya ng kumpleto at naisumiteng *application forms*, pati ang mga *updated information* na laman nito.[25]

## 10. Ano ang Record History?[26]

Ang Record History ay kahit na anong impormasyon tungkol sa isang rehistradong tao na nakatala sa PhilSys tulad ng mga sumusunod na detalye:

a. petsa ng paghahain ng aplikasyon ng isang indibidwal upang magkapagrehistro at iba pang detalye ukol dito
b. petsa ng paghahain ng aplikasyon para sa pagbabago sa o pag-update ng nakatalang impormasyon at iba pang detalye ukol dito
c. pagbabago sa nakatalang impormasyon, petsa kung kailan ito binago, at mga dokumento o katunayan na ipinakita bilang pagbibigay-katwiran sa kinakailangang pagbabago
d. dahilan kung bakit hindi isinama ang kahit anong impormasyon
e. petsa ng unang pagbigay, muling pagbigay, at/o pagkansela ng PhilID, kabilang na ang mga dahilan sa likod nito
f. detalye ng mga *authentication request* ng PSN na pinroseso ng PSA, na limitado lamang sa mga sumusunod:
    i. petsa kung kailan ipinadala ang request at kung kailan ito pinroseso ng PSA
    ii. pagkakakilanlan ng nagpadala ng request,
    iii. tugon ng PSA
g. pagbubunyag, pagpapadala, pagpapakalat, paglilimbag, at paggamit ng third party ng registered information
h. iba pang mahahalagang impormasyong kailangan at inapbrubahan ng PSPCC patungkol sa rehistrasyon, pagbabago o pag-update ng impormasyon, at pagpapatunay ng personal information ng isang mamamayan o resident alien sa ilalim ng *PhilSys Act*.

## 11. Ano ang *Registered Information*?

Ang *registered information* ay binubuo ng kahit anong personal information[27] tungkol sa isang rehistradong tao sa PhilSys.[28] Kasama rito ang mga *demographic* at *biometric information* na kailangang mairehistro sa PhilSys ayon sa batas.[29]

Ang mga impormasyon na kokolektahin at itatago sa PhilSys ay limitado lamang sa mga sumusunod:[30]

a. *Demographic information*
    i. Buong pangalan
    ii. Kasarian

---

[25] §6 (B), IRR.

**[26]** §5 (i), RA 11055; *tignan din*: §4 (j), IRR.

[27] Ang *personal information* ay tumutukoy sa “kahit anong impormasyon, nakatala man sa materyal na porma o hindi, kung saan ang pagkakakilanlan ng isang indibidwal ay malinaw o makatwirang matutukoy ng sinumang may hawak ng impormasyon, o ‘di kaya ay kung pagtagpi-tagpiin kasama ang iba pang impormasyon ay tahasang matutukoy pa rin at tiyak na makikilala ang isang indibidwal alinsunod sa Batas Republika Blg. 10173, kilala rin bilang ‘Data Privacy Act of 2012.’” Para sa mga layunin ng PhilSys Act, kasama sa mga hinihingi ng termino ang mga sensitibong impormasyon, alinsunod sa mga tinutukoy ng DPA. [Tignan: §5 (g), RA 11055; §4 (H), IRR].

[28] §5 (j), RA 11055; *tignan din*: §4 (k), IRR.

[29] §5 (j), RA 11055; *tignan din*: §4 (k), IRR.

[30] §8, RA 11055; *tignan din*: §7, IRR.

iii. Petsa ng kapanganakan
iv. Lugar kung saan ipinanganak
v. Blood type
vi. Tirahan
   1) Permanenteng tirahan
   2) Kasalukuyang tirahan (opsyonal)
vii. Pilipino o resident alien
viii. Marital status (opsyonal)
ix. Mobile number (opsyonal)
x. Email address (opsyonal)

b. *Biometric information:*[31]
   i. Larawan kung saan nakaharap ang rehistradong tao
   ii. Buong set ng mga *fingerprint*
   iii. Scan ng *iris* ng mata

Ayon sa *PhilSys Act*, maaari ring kolektahin at itago sa *PhilSys Registry* ang iba pang mga pagkakakilanlang katangian (halimbawa, iba pang *biometric information*) na itinakda sa IRR.[32]

Ayon sa IRR, kinakailangang naaayon sa *international standards* na tutukuyin ng PSA ang lahat ng kinolektang *biometric information.*[33]

| **KOMENTO AT/O KATANUNGAN** |
|---|
| Mukhang nagdagdag ng hindi bababa sa tatlong (3) data points ang IRR sa PhilSys Registry, na partikular sa ilang grupo katulad ng: (1) mga magulang ng mga rehistradong menor de edad; (2) mga *qualified introducer* ng isang rehistradong tao, kung naaangkop; at/o (3) lahat ng rehistradong tao na inendorso ng isang *qualified introducer*. |

## 12. Ano ang PhilID?

Ang PhilID ay isang *non-transferable* na *card* na mainam na maibigay sa lahat ng rehistradong tao, ayon sa mga alituntunin na itatakda ng PSA.[34] Makikita dito ang mga importanteng impormasyon tungkol sa pagkakakilanlan ng isang rehistradong tao. Sa harapan ng PhilID, makikita ang mga sumusunod na impormasyon:[35]

a. PSN
b. Buong pangalan
c. Kasarian
d. Petsa ng kapanganakan
e. Lugar kung saan pinanganak
*f. Blood type*
g. Tirahan
h. *Marital status* (opsyonal)
i. Larawan kung saan nakaharap ang rehistradong tao

[31] §5 (c), RA 11055; *tignan din*: §4 (c), IRR.

[32] §8 (b)(4), RA 11055.

[33] §7, IRR.

[34] §7 (c), RA 11055; *tignan din*: §6 (C), IRR.

[35] §7 (c)(1), RA 11055; *tignan din*: §6 (C)(1), IRR.

Lahat ng impormasyong makikita sa PhilID ay dapat tumugma sa mga *registered information* sa PhilSys (Registry).[36]

Dapat ay mayroong *QR Code* ang PhilID na naglalaman ng PSN at ng kahit aling dalawang *fingerprint* ng rehistradong tao.[37] Bukod dito, sinasabi rin ng IRR na dapat mayroong angkop na proteksyon ang PhilID para sa *privacy* at seguridad ng impormasyon, at laban sa pagpapakalat ng mapanlilinlang o palsipikadong pagkakakilanlan.[38] Ang mga proteksyong ito ay dapat naaayon sa mga makabagong teknolohiya at *international standards.*[39]

Ayon sa *PhilSys Act*, maaaring magbigay ang PSA sa mga rehistradong tao ng *mobile PhilID*, alinsunod sa makabagong teknolohiya, gamit, seguridad at pagiging kompidensiyal ng impormasyon, at angkop na alituntunin.[40]

Ang tawag sa isang rehistradong taong nabigyan (at dahil dito ay may hawak) ng PhilID ay *cardholder.*[41]

### 13. Ano ang layunin ng PhilID?

Ang PhilID ang magsisilbing opisyal na dokumentong pagkakakilanlan ng isang *cardholder* na nagmula sa pamahalaan at ginagamit tuwing siya ay nakikipag-transaksyon sa mga ahensya ng pamahalaan, LGUs, GOCCs, GFIs, at SUCs, at sa pribadong sektor.[42]

Ang pagpapakita ng PhilID (o ng PSN) ay ituturing na sapat na katibayan ng pagkakakilanlan, kung ito ay may kaakibat na pagpapatunay mula sa PSA.[43]

### 14. Kinakailangan bang mag-isyu ng PhilID sa lahat ng rehistradong tao?

Mukhang hindi, kung ang pagbabatayan ay ang wika ng *PhilSys Act* at ng IRR[44] nito. Nakasaad din pati sa isang probisyon sa batas na ang pagrehistro ay itinuturing na kumpleto kahit walang ibinigay na PhilID sa rehistradong tao:

> "Ang rehistrasyon sa PhilSys ay itinuturing na matagumpay at kumpleto kapag na-isyu na ang PSN at nakumpirma na ng PSA ang rehistrasyon."[45]

Gayunpaman, ayon sa IRR[46], kapag matagumpay nang nakarehistro ang isang tao, siya ay bibigyan ng PhilID sa paraang itatakda ng PSA. Para bang pinapalabas na ang lahat ng rehistradong tao ay magkakaroon ng PhilID.

---

[36] §6 (c)(1), IRR.

[37] §8 (b)(4), RA 1105.

[38] §6 (C)(1), IRR.

[39] §6 (C)(1), IRR.

[40] §7 (c)(1), RA 11055.

[41] §5 (d) , RA 11055; *tignan din*: §4 (d), IRR.

[42] §7 (c)(2), RA 11055; *tignan din*: §6 (C)(2), IRR.

[43] §12, RA 11055.

[44] §7 (c), RA 11055; *tignan din*: §6 (C), IRR.

[45] §9, RA 11055.

[46] §8 (D), IRR.

| KOMENTO AT/O KATANUNGAN |
| --- |
| Sa kabuuan, hindi talaga malinaw kung kinakailangang bigyan ng PhilID ang lahat ng rehistradong tao. |

**15. Libre bang ibibigay ang PhilID?**

Ang paunang pagbigay at pag-*renew* ng PhilID ay libre para sa mga Pilipino.[47] Ang pag-renew ay tumutukoy sa pagpapalit ng PhilID matapos i-*update* ang *biometric information* ng isang rehistradong tao.[48]

Hindi gaanong malinaw ang patakaran pagdating sa pagpapalit ng naibigay nang PhilID dahil sa ilang mga kadahilanan. Ayon sa *PhilSys Act*, maaaring tukuyin ng PSA ang mga pagkakataon kung kailan maaaring hindi maningil para sa pagbibigay ng kapalit na card.[49] Ipinahihiwatig ng IRR na maaaring maningil ng bayad kung ang pagkuha ng kapalit na PhilID ay dahil sa pagkawala, pagkasira, o pagbabago ng mga impormasyon. Gayunpaman, sinasabi nito na maaaring hindi maningil ng kabayaran kung ang rehistradong Pilipino ay makapagpapakita ng *Certificate of Indigency* galing sa *City/Municipal Social Welfare Office.*[50]

Sa kaso ng mga *resident aliens*, ang paunang pagbibigay, pag-*renew*, at maging ang pagpapalit ng PhilID dahil sa pagkawala, pagkasira, o pagbabago ng mga entry ay may bayad, alinsunod sa mga patakaran na ilalabas ng PSA.[51]

**16. Anu-anong impormasyon ang makikita sa harapan ng PhilID?**

Ang mga sumusunod na impormasyon ay makikita sa harapan ng PhilID:[52]

a. PSN
b. Buong pangalan
c. Kasarian
*d. Blood type*
e. Lugar ng kapanganakan
f. Petsa ng kapanganakan
g. Tirahan
h. Larawan kung saan nakaharap ang rehistradong tao
i. *Marital status* (opsyonal)

Ang PhilID ay magkakaroon din ng *QR Code* na naglalaman ng *fingerprint information*, at iba pang impormasyon.[53]

**17. Ano ang mangyayari sa PhilID kung ipawalang-bisa ang kaugnay nitong PSN?**

---

[47] §7 (c)(3), RA 11055; *tignan din*: §6 (C)(3), IRR.

[48] §6 (C)(3), IRR.

[49] §7 (c)(3), RA 11055.

[50] §6 (C)(3), IRR.

[51] §7 (c)(3), RA 11055; *tignan din*: §6 (C)(3), IRR.

[52] §7 (c)(1), RA 11055; *tignan din*: §6 (C)(1), IRR.

[53] §7 (c)(1), RA 11055; *tignan din*: §6 (C)(1), IRR.

Kailangang isauli ng *cardholder* ang kanyang PhilID sa PSA kung mapawalang-bisa ang kanyang PSN.[54]

### 18. Mabibigyan ba ang isang tao ng panibagong PhilID kapag nabigyang bisa muli ang kanyang PSN?

Ayon sa IRR, ang isang taong muling nabigyang-bisa ang PSN ay may karapatang mabigyan muli ng PhilID.[55]

| **KOMENTO AT/O KATANUNGAN** |
|---|
| Tulad sa unang pagbibigay ng PhilID, hindi rin malinaw kung ang isang rehistradong tao ay agad-agarang bibigyan ng panibagong PhilID kapag muling binigyang-bisa ang kanyang PSN. |
| Mapapansin din na ang sinasabi ng IRR (halimbawa, "karapatan") ay tila sumusuporta sa teoryang hindi kinakailangan ang pagbibigay (at muling pagbibigay) ng PhilID. |

## PAGREHISTRO

### 19. Sino ang dapat magparehistro sa PhilSyS?

Upang makapagparehistro, ang isang tao ay dapat isa sa mga sumusunod:[56]

a. Isang Pilipino, naninirahan man siya sa Pilipinas o sa ibang bansa.[57] Kasama rito ang mga taong may higit sa isang *citizenship.*[58] Ayon sa 1987 Saligang Batas ng Pilipinas, ang mga sumusunod ay itinuturing na mga Pilipino:[59]

   i. Isang Pilipino nang pagtibayin ang 1987 Saligang Batas ng Pilipinas
   ii. Kung ang kanyang ama o ina ay Pilipino
   iii. Ipinanganak bago ang ika-17 ng Enero 1973 ng isang Pilipinong ina, at pinili ang pagiging Pilipino sa edad na 18 taong gulang
   iv. Isang *naturalized* na Pilipino.

b. Isang *resident alien* ngunit:

   i. Mayroong tamang *immigrant visa* o may tirahan at naninirahan sa Pilipinas nang higit sa isang daan at walumpung (180) araw;[60] at
   ii. May *Alien Certificate of Registration* (ACR) I-Card.[61]

---

[54] §9, IRR.

[55] §10, IRR.

[56] §9, RA 11055; *tignan din*: §8 (A), IRR.

[57] §4 (e), RA 11055; *tignan din*: §4 (e), IRR.

[58] §5 (e), RA 11055; *tignan din*: §4 (e), IRR.

[59] §1, Article IV, 1987 Philippine Constitution.

[60] §5 (n), RA 11055; *tignan din*: §4 (o), IRR.

[61] §4 (o), IRR.

Ang mga menor de edad, mga taong may sikolohikal na kondisyon, at ang mga taong bingi't pipi na hindi marunong sumulat ay dapat magparehistro kasama ang kanilang magulang o mga *legal guardian* na nasa wastong gulang. Ang menor de edad na nag-rerehistro ay dapat samahan ng isang taong nasa wastong gulang na may *parental authority* sa kanya kung ang mga magulang nito ay pareho ring menor de edad.[62]

Ayon sa *Family Code*, ang mga sumusunod na tao, sa eksaktong pagkakasunud-sunod, ang mga maaaring maging *substitute parental authority* sa isang menor de edad:[63]

a. Nabubuhay na lolo o lola. Kung higit sa isa, dapat italaga ng hukuman kung sino sa kanila ang nararapat. Dapat bigyang pansin ng hukuman sa pagtatalaga nito ang lahat ng mga kaugnay na konsiderasyon, kabilang na ang pipiliin ng menor de edad kung siya ay higit sa pitong (7) taong gulang;
b. Pinakamatandang kapatid na higit sa dalawamput-isang (21) taong gulang, maliban kung wala siya sa wastong posisyon para gampanan ang tungkulin (unfit o disqualified); at
c. Ang aktwal na tagapag-alaga ng menor de edad na higit sa dalawamput-isang (21) taong gulang, maliban kung wala siya sa wastong posisyon para gampanan ang tungkulin (*unfit* o *disqualified*).

**KOMENTO AT/O KATANUNGAN**

Kapansin-pansin na hindi kinakailangang rehistrado ang taong may tungkuling tulungan ang isang menor de edad sa rehistrasyon. Subalit, kailangang rehistradong tao ang gagabay sa menor de edad kung siya ay magpapabago ng *registered information*.

### 20. Saan pwedeng magparehistro para sa PhilSys?[64]

Ang isang indibidwal ay dapat magparehistro nang personal sa alinman sa sumusunod na mga *registration center*[65], basta't may pasilidad dito upang makolekta ang mga kinakailangang impormasyon:

a. Panrehiyon at panlalawigang tanggapan ng PSA
b. Tanggapan ng mga Local Civil Registry
c. Government Service Insurance System (GSIS), para sa mga miyembro nito at kanilang mga dependent
d. Social Security System (SSS), para sa mga miyembro nito at kanilang mga dependent
e. Philippine Health Insurance Corporation (PhilHealth)
f. Home Development Mutual Fund (HDMF)
g. Commission on Elections (COMELEC)
h. Philippine Postal Corporation (PhilPost)
i. para sa mga Pilipinong naninirahan sa ibang bansa, sa pinakamalapit na Embahada ng Pilipinas, Philippine Foreign Service post,[66] o iba pang registration center na itinalaga ng Department of Foreign Affairs (na napagkasunduan kasama ng PSA).[67]

---

[62] §8 (A), IRR.

[63] §216, Executive Order No. 209 (6 July 1987).

**[64]** §9, RA 11055; *tignan din*: §8 (A), §8 (D), IRR.

[65] Ayon sa DPA, ang "*registration centers*" ay tumutukoy sa mga "kinakailangang pasilidad upang makuha ang kailangang *demographic* at *biometric information* para sa PhilSys…" [*tignan*: §5 (m), RA 11055; *tignan din*: §4 (n), IRR].

[66] Ang Embahada ng Pilipinas o Philippine Foreign Service Post ay inilalarawan bilang pang-diplomasyang misyon o opisina ng Konsulado ng Republika ng Pilipinas sa isang dayuhang bansa, kasama na ang pagiging pang-ekonomiko at kultural na opisina ng Pilipinas, at mga katulad nito, sa dayuhang teritoryo. [*tignan*: §5 (h), RA 11055; §4 (i), IRR].

[67] §9, RA 11055; *tignan din*: §8 (A), IRR.

Maaari magtakda ang PSA ng iba pang mga ahensya ng pamahalaan at GOCCs bilang mga registration center.[68]

Ayon sa IRR, dapat magkaroon ng mga *registration center* sa loob ng isang (1) taon matapos mabigyang-bisa ang batas.[69] Ang listahan ng mga *registration center* ay ilalathala sa *website* ng PSA.[70]

Ang *mobile registration centers* ay mga *registration center* na pansamantalang itatayo ng PSA at ng mga kasamang ahensya ng gobyerno upang mapadali ang rehistrasyon sa PhilSys.[71] Maaari ring magsagawa ang PSA ng *mobile registration activities* sa mga pagkakataong itatakda nito.[72]

Ayon sa IRR, maglalabas din ang PSA ng mga alituntunin hinggil sa rehistrasyon ng mga menor de edad, *senior citizen*, *persons with disability*, *indigenous persons*, mga taong nasa institusyonal na mga tahanan, mga tao sa liblib na mga lugar, at mga *foundling.*[73] Magkikipag-ugnayan ang PSA sa lahat ng mga angkop na ahensya para sa pagbuo ng alituntunin dito.[74]

**KOMENTO AT/O KATANUNGAN**

Bakit limitado lamang sa mga miyembro at kanilang mga dependent ang rehistrasyon sa GSIS at SSS? Hindi nakasaad ang limitasyong ito sa batas. Sa IRR lamang ito makikita. Dagdag pa rito, malinaw na sinasabi ng IRR na ang PSA ang direktang mamamahala at mangangasiwa ng rehistrasyon. Ito ang magbibigay ng kinakailangang pasilidad, tao, kagamitan, sistema ng rehistrasyon, at iba pang mga pangangailangan upang maisagawa ang rehistrasyon. Ang ibang mga ahensya ay maglalaan lamang ng lugar kung saan itatatag ng PSA ang kanilang mga registration center. Ibig sabihin ba nito, kung pupunta ang isang hindi miyembro ng SSS sa PSA registration center na nasa loob ng SSS, siya ay paaalisin at hindi papayagan na magparehistro sa PhilSys?

### 21. Ano ang kailangan upang makapagparehistro?

Para makapagparehistro, kinailangan ang mga sumusunod:[75]

a. Nasagutang *application form* (tinatawag na “PhilSys Registration Form” o “Form No. 1”)[76]
b. Orihinal na kopya ng mga sumusunod:

---

[68] §9 (i), RA 11055; *tignan din*: §8 (A)(9), IRR.

[69] §8 (A), IRR.

[70] §8 (A), IRR.

[71] §4 (g), IRR; *tignan din*: §5 (f), RA 11055.

[72] §8 (B), IRR; *tignan din*: §9, RA 11055.

[73] §8 (B), IRR. *tignan din*: §9, RA 11055.

[74] §8 (B), IRR.

[75] §8 (c), IRR; Importante: simpleng pinapahayag sa §10 ng RA 11055 na kung ikaw ay mamamayang Pilipino, kailangan mong magpakita ng iyong *birth certificate*. Kung ikaw ay isang *resident alien*, kailangan mong magpakita ng patunay ng iyong tirahan sa Pilipinas. Gayunpaman, maaaring payagan ang alternatibo o karagdagang mga dokumento bilang patunay ng pagkakakilanlan.

[76] §8 (C)(1), IRR.

Kung isang Pilipino:[77]

i. *Birth Certificate* na galing sa PSA[78] **at** isa pang dokumentong galing sa pamahalaan na may pangalan, larawan, at pirma o *thumb mark* ng magpaparehistro;[79] **o**
ii. *Philippine ePassport* galing sa DFA;[80] **o**
iii. *Unified Multi-Purpose Identification (UMID) Card* galing sa GSIS o SSS;[81] **o**
iv. Iba pang katumbas na dokumento na maaaring tukuyin ng PSA sa mga susunod nitong ilalabas na mga alituntunin.[82]

Kung isang Resident Alien:[83]

1. Alien Certificate of Registration (ACR); **o**
2. ACR ID

Kung hindi makapagbibigay ng alinman sa mga dokumentong ito, maaaring magpakita ng mga dokumentong pagkakakilanlan galing sa pribadong sektor, ngunit dapat itong sumunod sa mga itinakdang *requirement* ng PSA.

Kung ang isang ginang ay nagpakita ng mga dokumento kung saan ang kanyang pangalan noong pagkadalaga pa ang nakalagay, kinakailangan din niyang magpakita ng *marriage certificate* galing sa PSA kung nais niyang gamitin ang apelyido ng kanyang asawa sa kanyang *registered information* sa PhilSys.[84]

Sinasabi sa parehong *PhilSys Act* at IRR na dapat tiyakin na ang angkop na mga alituntunin at mekanismong gagamitin ay hindi pahihirapin at hihigpitan ang proseso ng rehistrasyon sa puntong mapapawalang-bisa nito ang layunin ng ang batas.[85]

| **KOMENTO AT/O KATANUNGAN** |
|---|
| 1. Sinasabi ng Seksyon 8(c) ng IRR na kung hindi makapagpakita ng alinman sa mga pangunahing pansuportang dokumento—kabilang na ang isang *birth certificate* galing sa PSA at isang ID galing sa pamahalaan—maaaring magpakita na lamang ng *birth certificate* galing sa PSA o ID galing sa pamahalaan. *Ibig bang sabihin nito ay kung hindi mo maipapakita ang parehong dokumento ay maaaring isa na lang ang ipakita mo? Kung gayon, bakit hindi na lang payagan ang pagpapakita ng isang dokumento imbes na dalawa?*<br>2. Wala pang inilalabas na anumang alituntunin ang PSA patungkol sa pagpapakita ng mga dokumento ng pagkakakilanlan na galing sa pribadong sektor.<br>3. Hindi malinaw sa IRR kung kaninong tungkulin ang maglabas ng "angkop na alituntunin at mekanismo" upang "hindi maging mahirap at mahigpit ang proseso ng rehistrasyon." Ito ba ay tungkulin ng PSA? |

[77] §8 (C)(2), IRR.

[78] Tignan: §10, RA 11055.

[79] §8 (C)(2)(a), IRR.

[80] §8 (C)(2)(b), IRR.

[81] §8 (C)(2)(c), IRR.

[82] §8 (C)(2)(d), IRR.

[83] §8 (C)(2), IRR; *tignan din*: §10, RA 1105.

[84] §8 (C)(2), IRR.

[85] §10, RA 11055; *tignan din*: §8 (C)(4), IRR.

**22. Ano ang mangyayari kung may mga pagkakaiba sa impormasyong nakasaad sa *Application Form* ng isang tao at sa kanyang mga pansuportang dokumento?[86]**

Ayon sa IRR, kung may mga pagkakaiba sa impormasyong nakasaad sa *application form* at sa mga ipinakitang pansuportang dokumento, ang datos na nakalarawan sa mga pansuportang dokumento ang kikilalanin. Subalit, hindi ito ang gagawin kung sa tirahan may pagkakaiba.

| **KOMENTO AT/O KATANUNGAN** |
|---|
| Maaaring ipagpalagay na ang dahilan sa likod ng patakarang ito ay ang madali o madalas na pagbabago sa tirahan ng isang tao. Gayunpaman, hindi malinaw sa IRR kung ano ang gagawin sa ganitong sitwasyon. |

**23. Maaari pa bang magrehistro sa PhilSys ang isang tao kung hindi makapagpakita ng anumang pansuportang dokumento?[87]**

Oo, maaari pa ring magrehistro sa PhilSys ang isang taong walang maipakitang mga pansuportang dokumento kung siya ay inendorso ng isang *qualified introducer* o kwalipikadong tagapagpakilala ayon sa mga alituntunin na itatakda ng PSA.

Kinakailangang nasa wastong gulang at rehistrado sa PhilSys ang isang *qualified introducer.*[88]

Ayon sa IRR, itatala at itatago ng PSA ang lista ng mga *qualified introducer*, at ng kanilang mga inendorsong mga rehistradong tao. Lahat ng mga inendorso ay lalagyan ng tanda o tag sa kanilang record.

| **KOMENTO AT/O KATANUNGAN** |
|---|
| 1. Nasaan ang mga alituntunin para sa reshistrasyon sa PhilSys sa tulong ng isang *qualified introducer*?<br>2. Hindi ba ang tanda na ang isang tao ay isang qualified introducer, o nakapagrehistro sa tulong ng isang *qualified introducer* ay karagdagang datos ng mga taong ito sa PhilSys? |

**24. Anong impormasyon ang kokolektahin mula sa isang tao para sa kanyang rehistrasyon?[89]**

Tingnan ang Tanong #11.

Para sa mga batang wala pang limang (5) taong gulang, tanging ang kanilang *demographic information* at larawan kung saan sila nakaharap ang kokolektahin.[90]

---

**86** §8 (D), IRR.

**87** §8 (C)(4), IRR.

88 §8 (C)(4), IRR.

**89** §8 (A), RA 11055; *tignan din*: §7, IRR.

90 §8 (A), IRR.

Para sa mga batang edad lima (5) hanggang labing-apat (14) na taon, ang kanilang *demographic information* at kumpletong *biometric information* ang kokolektahin. Subalit, kokolektahing muli ang kanilang *biometric information* sa edad na labinlimang (15) taong gulang.[91]

### 25. Ano ang mangyayari kung makitang may katulad na *demographic* at *biometric information* ang taong nagpaparehistro?

Magsasagawa ang PSA ng karadgagang beripikasyon o imbestigasyon kung may katulad na *demographic* at *biometric information* ang isang tao.[92]

| **KOMENTO AT/O KATANUNGAN** |
| --- |
| Hindi nabanggit sa IRR kung paano isasagawa ng PSA ang karagdagang beripikasyon. |

### 26. Ano ang mangyayari kung hindi makuha o makolekta ang *biometric information* ng isang tao?

Magbibigay ang PSA ng mga eksepsyon sa pagkolekta o pagkuha ng *biometric information* kung may kapansanang biswal o pisikal ang aplikante.[93]

*Biometric exceptions* ang tawag sa mga Pilipino o *resident alien* na imposibleng makapagbigay ng kumpletong *biometric information*, o kung hindi pasok sa pinakamababang pamantayan ang nakuha sa kanilang *biometric information*, ay pinili pa ring magparehistro sa PhilSys.[94]

| **KOMENTO AT/O KATANUNGAN** |
| --- |
| Hindi tinutukoy ng IRR kung ano ang “minimum threshold standards.” |

### 27. Kailan maituturing na matagumpay ang pagrehistro sa PhilSys?[95]

Ang isang tao ay itinuturing na matagumpay na nakapagparehistro sa PhilSys kapag ito ay nakumpirma ng PSA at siya ay nabigyan ng PSN.

Ang PSN ay ibibigay pagkatapos kolektahin ang kanyang *demographic* at *biometric information*, at makitang wala itong katulad.[96]

### 28. Paano mababago o maitatama ang *registered information* ng isang tao?

Ang *PhilSys Act* ay nakadepende sa IRR para sa proseso ng pag-update ng *registered*

[91] §8 (A), IRR.

[92] §8 (D), IRR.

[93] §8, RA 11055; *tignan din*: §7, IRR.

[94] §5 (b), RA 11055; *tignan din*: §4 (b), IRR.

[95] §9, RA 11055; *tignan din*: §8 (D), IRR.

[96] §8 (D), IRR.

*information*.[97] Nakasaad sa IRR ang proseso ng pagbabago o pag-update ng *registered information:*[98]

a. Kung ang pagbabago ay may kinalaman sa pangalan, kasarian, petsa ng kapanganakan, lugar ng kapanganakan, o *marital status*:

    i. pagpasa ng *PhilSys Registration* o *Correction Form*;
    ii. pagpasa ng *annotated birth certificate* o *marriage certificate* galing sa PSA; **at**
    iii. pagpasa sa *biometric authentication*

b. Kung ang pagbabago ay may kinalaman sa *citizenship*:

    i. pagpasa ng *PhilSys Registration* o *Correction Form*;
    ii. pagpasa ng mga naaangkop na pansuportang dokumento; **at**
    iii. pagsasailalim sa *biometric authentication*

c. Kung ang pagbabago ay may kinalaman sa *address*, *mobile number*, o *email address*:

    i. pag-file ng *PhilSys Registration* o *Correction Form*; **at**
    ii. pagsasailalim sa pagpapatunay o *authentication*.

   Ang pag-file ay maaaring gawin sa anumang *PSA registration center* o sa *web-based portal* ng PSA, kung mayroon.

   Ang pagpapatunay ay isasagawa sa pamamagitan ng paggamit ng *one-time password* o "OTP" at *biometrics* gaya ng *facial image scanning*.

d. Kung ang pagbabago ay may kinalaman sa *typographical error* o muling pagkolekta ng *biometric information*:

    i. pagsailalim sa naaayong pagpapatunay; **at**
    ii. proseso ng beripikasyon para sa rehistrasyon sa PhilSys.

Kung ang pagbabago ay may kinalaman sa isang menor de edad o isang taong hindi makapagbibigay ng pahintulot, siya ay tutulungan ng kanyang rehistradong magulang o *legal guardian*. Kung wala nito ay dapat siyang tulungan ng isang taong may *substitute parental authority* sa kanya.

**KOMENTO AT/O KATANUNGAN**

*Implied* sa mga patakarang ito ng PSA na ang tinutukoy niya ditong pagbabago sa pagkamamamayan ng isang rehistradong tao ay: (1) ang pagkakaroon ng rehistradong tao ng pangalawa o higit pang *citizenship* (hal. siya ay parehong US at Filipino citizen); o (2) ang pagkawala ng Philippine citizenship ng rehistradong tao subalit kwalipikado pa rin siya bilang *resident alien*.

Dahil kung ang mangyayari ay mawawala ang kanyang pagka-Pilipino at hindi rin siya *qualified* bilang *resident alien*, ayon sa IRR ay mapapawalang-bisa ang kanyang PSN.

Gayunpaman, interpretasyon lamang ito. Tanging ang PSA lang ang makapagsasabi kung ano talaga ang kahulugan ng kanyang mga patakaran.

---

[97] §11, RA 11055.

[98] §11, IRR.

# GAMIT AT PAGPAPATUNAY

## GAMIT

### 29. Kailan ginagamit ang PSN o PhilID?

Maaaring gamitin ang PhilID o PSN sa lahat ng transaksyon na nangangailangan ng patunay o beripikasyon ng pagkakakilanlan.[99]

### 30. Maaari bang gamitin ang PSN kahit walang maipapakitang PhilID?

Oo. Ang PSN at *biometrics* ng isang indibidwal na napatunayang totoo ng PhilSys ay dapat tanggapin at kilalanin kahit na hindi niya maipakita ang kanyang PhilID.[100]

### 31. Sa mga anong uri ng transaksyon maaaring gamitin ang PhilID o PSN?

Ang PhilID o PSN ay tatanggapin at kikilalanin sa lahat ng transaksyon na nangangailangan ng patunay ng pagkakakilanlan ng isang tao,[101] tulad ng mga sumusunod:

1. aplikasyon para sa mga serbisyong pantao at mga benepisyo mula sa pamahalaan
2. aplikasyon para sa mga serbisyo at benepisyong inaalok ng GSIS, SSS, PhilHealth, HDMF, at iba pang mga ahensya ng pamahalaan
3. aplikasyon para sa pasaporte o mga dokumento sa paglalakbay
4. aplikasyon para sa lisensya sa pagmamaneho
5. mga transaksyong may kaugnayan sa buwis
6. para sa rehistrasyon at beripikasyon ng pakakakilanlan tuwing botohan
7. pagpasok sa anumang pampublikong ospital, *health center*, o katulad na mga institusyon
8. lahat ng iba pang transaksyon sa pamahalaan
9. aplikasyon para sa pagpasok sa mga paaralan, kolehiyo, *learning institution*, at unibersidad, pampubliko man o pribado
10. aplikasyon at transaksyon para sa trabaho
11. aplikasyon para sa pagbubukas ng mga *bank account* at iba pang transaksyon sa mga bangko at iba pang institusyong pinansyal
12. aplikasyon para sa mga *clearance* mula sa ahensya ng pamahalaan

### 32. May mga limitasyon ba sa paggamit ng PhilID o PSN?

Oo. Hindi maaaring gamitin ang PhilID o PSN sa mga sumusunod na paraan:[102]

a. bilang patunay na karapat-dapat ang isang tao na makinabang sa ilang mga benepisyo at serbisyo
b. bilang patunay ng pagkamamamayan ng isang tao

Sa mga ganitong pagkakataon, lahat ng naaangkop na patakaran at regulasyon ng mga kaukulang ahensya ng pamahalaan ang masusunod at mananatiling epektibo.

---

[99] §13, RA 11055.

[100] §13, RA 11055.

[101] §13, RA 11055.

[102] §14, RA 11055; *tignan din*: §14, IRR.

### 33. Maaari bang gamitin ng PSA ang mga datos na nakolekta para sa PhilSys?[103]

Oo. Ayon sa IRR, maaaring gamitin ng PSA ang lahat ng datos na nakolekta nito sa ilalim ng PhilSys upang makabuo ng *aggregate data* o *statistical summaries*. Gayunpaman, kailangang panatilihin ang *confidentiality* ng naturang datos alinsunod sa RA 10625, o ang Philippine Statistical Act of 2013. Hindi dapat ibunyag o isiwalat ng mga nabanggit na *statistical summaries* ang pagkakakilanlan ng sinumang tao.

## PAGPAPATUNAY

### 34. Paano patutunayan ng isang tao ang kanyang pagkakakilanlan?

Kinakailangan lang ipakita ng isang indibidwal ang kanyang PhilID o PSN upang patunayan ang kanyang pagkakakilanlan sa pakikipag-transaksyon niya sa ibang tao o organisasyon.[104]

### 35. Sino ang maaaring humiling ng pagpapatunay ng PSN?

Maaaring maging isang *requesting entity* o humingi ng pagpapatunay ng PSN ang kahit sinong awtorisadong ahensya ng pamahalaan o pribadong organisasyon.[105] Makukuha ang awtorisasyon sa pamamagitan ng paghingi ng pahintulot mula sa tao na nagpapakita ng PSN. Ang isang *requesting entity* ay kailangan ding magkaroon ng *Data Sharing Agreement* sa PSA.[106]

### 36. Paano mapapatunayan ng requesting entity ang pagkakakilanlan ng isang rehistradong tao?

Kinakailangang magsagawa ng *authentication* ng mga *requesting entity*. Ang *authentication* ay ang proseso ng pagpapatunay ng pagkakakilanlan ng isang indibidwal batay sa kanyang impormasyon sa *PhilSys registry* o sa kanyang PhilID. Ito ay maaaring isagawa nang *online* o *offline*.[107]

### 37. Ano ang online authentication?

Sa *online authentication*, ang pagkakakilanlan ng isang tao ay sinusuri nang *real-time* batay sa *registered information* niya sa *PhilSys Registry.*[108] Ihinahalintulad ng PSA ang isinumiteng PSN ng isang *requesting entity* sa *biometric* o *demographic information* na naka-rehistro sa PSA.[109] Maaaring gamitin ng PSA ang alinman sa mga sumusunod na kombinasyon:[110]

a. PSN at *biometric information*; o
b. PSN at *demographic information*; o
c. PSN, *biometric*, at *demographic information*

---

**103** §18, RA 11055; *tignan din*: §23, IRR.

104 §12, RA 11055; *tignan din*: §12, IRR.

105 §12, RA 11055; *tignan din*: §12, IRR.

106 §12, IRR.

107 §5(a), RA 11055; *tignan din*: §4(a), §12, IRR.

108 §4(a)(1), IRR.

109 §12, RA 11055; *tignan din*: §12, IRR.

110 §12, IRR.

Ayon sa *PhilSys Act*, dapat isagawa ng *requesting entity* ang pagpapatunay gamit ang isang ligtas o secure na koneksyon.[111] Nakasaad din sa IRR na dapat sumunod sa mga pamantayan at alituntunin na itinakda ng PSA ang *requesting entity*, sa tulong ng DICT, upang matiyak ang seguridad, kaayusan, at integridad ng proseso ng pagpapatunay.[112]

### 38. Ano ang offline authentication?

Sa *offline authentication*, pinatutunayan ng isang *requesting entity* ang pagkakakilanlan ng isang rehistradong tao batay sa impormasyong nakalagay sa kanyang PhilID.[113] Hinihingi ng *requesting entity* ang PhilID ng isang tao at inihahalintulad ang datos na nakapaloob sa QR code nito upang mapatunayan ang kanyang pagkakakilanlan.[114]

**KOMENTO AT/O KATANUNGAN**

Pinahihiwatig nito na ang mga *requesting entity* ay papayagang magkaroon ng kopya ng PhilSys *database* dahil kung hindi ay wala silang pagkukumparahan sa datos na nakapaloob sa *QR code* ng PhilID.

### 39. Maaari bang pumili ng uri ng pagpapatunay ang mga *requesting entity*?[115]

Oo. Maaaring pumili ng paraan ng pagpapatunay na kanilang gagamitin ang *requesting entity* para sa isang serbisyo o transaksyon. Maaaring gumamit ng iba't ibang impormasyon at pamamaraan tulad ng *demographic information*, *biometric information*, *one-time password (OTP)*, at PhilID.

### 40. Maaari bang mapatunayan ang pagkakakilanlan ng isang rehistradong tao kahit hindi niya maipakita ang kanyang PhilID?

Oo. Ang kanyang pagkakakilanlan ay maaaring mapatunayan gamit ang kanyang PSN, kasama ang kanyang:[116]

a. *biometric information*; **o**
b. *demographic information*; **o**
c. *demographic* at *biometric information*.

### 41. Maaari bang mapatunayan ang pagkakakilanlan ng isang rehistradong tao kahit hindi niya maipakita ang kanyang PhilID <u>at</u> PSN?

Oo. Sa mga piling kaso o sitwasyon na tutukuyin ng PSA. Kung hindi maipakita ng isang tao kahit ang kanyang PSN o PhilID, maaaring gamitin ang kanyang *biometric* at *demographic information* upang mapatunayan ang kanyang pagkakakilanlan.[117]

---

[111] §4(a)(1), IRR.

[112] §12, IRR.

[113] §4(a)(2), IRR.

[114] §12, IRR.

**[115]** §12, IRR.

[116] §12, IRR; *tignan din*: §7(a), §12, RA 11055; §6(A), IRR.

[117] §12, IRR.

| KOMENTO AT/O KATANUNGAN |
| --- |
| Hindi pa natutukoy ng PSA ang mga tinatawag na mga "piling kaso". |

### 42. Ano ang dapat gawin ng isang *requesting entity* upang makahingi ng pagpapatunay sa PSA?

Kailangan munang humingi ng pahintulot ng *requesting entity* sa tao bago kolektahin ang kanyang impormasyon para sa proseso ng pagpapatunay. Dapat ding ipaalam ng *requesting entity* sa indibidwal ang mga sumusunod:[118]

a. uri ng impormasyong maaaring ibahagi, at
b. ang mga maaaring paggamitan ng requesting entity sa impormasyong matatanggap galing sa pagpapatunay.

Dapat ay mayroon ding *data sharing agreement* sa pagitan ng *requesting entity* at ng PSA.[119]

Kapag napatunayan at nasiguro na ang pagkakakilanlan ng isang tao, maaari nang humingi ang *requesting entity* ng personal na datos para sa isang lehitimo, malinaw, at tiyak na layunin.[120] Ang naturang datos, kapag naibigay na, ay dapat lamang gamitin para sa nasabing layunin.[121]

### 43. Ano ang mangyayari kung hindi mapatunayan ng PSA ang PhilID o PSN ng pagkakakilanlan isang tao?

Kung hindi magawa ang pagpapatunay at hindi naman ito kasalanan ng rehistradong tao, dapat tiyakin ng PSA na hindi ito magkakaroon ng negatibong epekto sa rehistradong tao.[122]

| KOMENTO AT/O KATANUNGAN |
| --- |
| Hindi pa malinaw kung ano ang plano ng PSA para sa ganitong pangyayari. |

### 44. Libre ba ang pagpapatunay?

Walang sinasabi ang batas o ang IRR nito na may bayad ang isang *authentication request*.

## SEGURIDAD AT MGA PROTEKSYON

[118] §12, RA 11055.

[119] §12, IRR.

[120] §12, IRR.

[121] §12, RA 11055; *tignan din*: §12, IRR.

[122] §12, RA 11055. *tignan din*: §12, IRR.

**45. Maaari bang gamitin, makuha, o ma-access ng mga *third party* ang *registered information* sa PhilSys?**[123]

Bilang *general rule*, ang impormasyon ng isang rehistradong tao ay **hindi** maaaring kolektahin ng, itala ng, ipasa sa, ipakalat ng, ilathala ng, gamitin ng, o ibunyag sa mga *third party* (kabilang na ang *law enforcement authorities*, *national security agencies*, o mga yunit ng Sandatahang Lakas ng Pilipinas). Maaari lamang itong gawin sa mga sumusunod na sitwasyon:

a. Ang rehistradong tao ay nagbigay ng kanyang pahintulot para sa isang partikular na layunin; **o**
b. Nag-utos ang isang kumpetenteng hukuman na gamitin o ibunyag ang impormasyon, alinsunod sa mga sumusunod na kondisyon:
    i. mayroong mahalagang interes para sa pampublikong kalusugan o kaligtasan; **at**
    ii. may napatunayang malaking panganib sa publiko; **at**
    iii. dapat naabisuhan ang indibidwal sa loob ng 72 oras bago ang pag-*access* o pagbubunyag ng impormasyon.

Hindi maaaring gamitin ang nakuhang impormasyon maliban sa inaprubahang layunin at hindi rin ito dapat ibunyag ng sinumang tao maliban sa taong awtorisado.[124]

Gayunpaman, sinasabi ng batas[125] at ng IRR nito[126] na walang nakalagay sa *PhilSys Act* na ipinagbabawal o nililimitahan ang pagbabahagi o pagbibigay ng anumang personal na datos na may awtorisasyon o hinihingi ng batas.

**46. Paano dapat ibigay ng rehistradong tao ang kanyang consent?**[127]

Ang pahintulot ay kinakailangang partikular, *informed*, at malayang ibinigay ng rehistradong tao. Ang katibayan nito ay maaaring nakasulat, elektroniko, o naka-record. Maaari rin itong ibigay ng taong inatasan o pinahintulutan (*authorized representative*) ng rehistradong tao.

| **KOMENTO AT/O KATANUNGAN** |
|---|
| 1. Maaari bang ibigay ng rehistradong tao ang awtorisasyon sa kahit sinong tao (e.g., hindi kamag-anak)?<br>2. Paano masasabing wasto ang awtorisasyon? |

**47. Ano ang kaparusahan kung hindi awtorisado ang pagbibigay o paglalantad sa iba ng impormasyon sa PhilSys?**

Ang mga taong sangkot sa hindi awtorisadong paglalantad ng impomasyon ay maaaring managot sa ilalim ng *PhilSys Act* at iba pang mga naaangkop na batas. Bukod dito, ang impormasyong ito ay hindi tatanggapin sa anumang hudisyal, quasi-hudisyal, o administratibong paglilitis.[128]

**123** §17, RA 11055; *tignan din*: §21, IRR.

124 §17, RA 11055.

125 §18, RA 11055.

126 §23, IRR.

**127** §4(f), IRR.

128 §17, RA 11055; *tignan din*: §21, IRR.

**48. Maaari bang ma-*access* ng isang rehistradong tao ang kanyang sariling *registered information*?**

Oo. Maaaring humingi ang mga rehistradong tao sa PSA ng *access* sa kanilang sariling *registered information* at *record history* alinsunod sa mga alituntunin at regulasyon na ilalabas ng PSA.[129]

| KOMENTO AT/O KATANUNGAN |
| --- |
| Hindi pa naglalabas ng mga alituntunin at regulasyon ang PSA ukol sa pagbibigay sa mga rehistradong tao ng *access* sa kanilang sariling *registered information*. |

**49. Ano ang ilan sa mga *security measures* na itinakda ng batas at ng IRR nito?**

Ang PSA, sa tulong (teknikal) ng DICT at iba pang kaugnay na ahensya ng pamahalaan, ay inaatasang magpatupad ng makatuwiran at angkop na pang-organisasyon, teknikal, at pisikal na *security measures* upang matiyak ang integridad ng PhilSys at ng mga impormasyong nakolekta at nakaimbak dito, at para na rin protektahan ito mula sa mga hindi awtorisadong pag-*access*, paggamit, o pagbubunyag, at sa aksidental o intensyonal na pagkawala, pagkasira, o pinsala.[130]

Ang ilan pa sa mga hakbang na nasasaad sa batas at IRR nito ay ang mga sumusunod:

a. Ang PSA ay dapat magtalaga ng hiwalay na *Data Protection Officer* para sa PhilSys.[131]
b. Dapat tiyakin ng PSA na maipagbigay-alam sa mga rehistradong tao kung paano gagamitin ang kanilang datos at kung paano nila maa-*access* ang kanilang *registered information* at *record history*.[132]
c. Ang impormasyon sa *PhilSys Registry* ay dapat na klasipikado sa paraang pinangangalagaan ang *data privacy* at *security*, *access controls*, at *change management*.[133]
d. Ang PSA ay dapat maghain ng mga gabay ukol sa *authentication assurance levels* na nakabatay sa mga *international standards* at *best practices*.[134]
e. Ang anumang impormasyon mula sa PhilSys na ibubunyag nang naaayon sa batas ay dapat lamang gamitin para sa partikular na layuning binigyan ng awtorisasyon. Hindi ito maaaring ibunyag sa ibang tao o *third party*.[135]
f. Ang PSA ay may tungkuling tiyakin na ang anumang impormasyon sa PhilSys ay gagamitin lamang nang naaayon sa layunin nito.[136]
g. Ang detalye ng bawat *authentication request* ay dapat burahin isang (1) taon mula sa petsa ng pagpapatunay, maliban na lamang kung gusto ng rehistradong tao na burahin ito sa loob ng mas maikling panahon.[137]

[129] §17, RA 11055; *tignan din*: §21, IRR.

[130] §18, RA 11055; *tignan din*: §22, IRR.

[131] §22, IRR.

[132] §18, RA 11055.

[133] §7(b), RA 11055; *tignan din*: §6(B), IRR.

[134] §12, IRR.

[135] §21, IRR.

[136] §17, RA 11055; *tignan din*: §21, IRR.

[137] §21, IRR.

h. Ang lahat nang angkop na karapatan ng mga rehistradong tao ay dapat na itaguyod at/o respetuhin.[138]
i. Ang PhilSys ay dapat gamitin nang wasto at para lamang sa sinabing layunin nito. Hindi nito maaaring iproseso ang personal na impormasyon at iba pang datos mula sa ibang mga sistema at *database*.[139]

## MGA PAGLABAG AT PARUSA

**50. Anu-ano ang mga ipinagbabawal na gawain sa ilalim ng PhilSys Act at ang kanilang karampatang parusa?**

| **Kahit na sino ang gumawa** | | |
|---|---|---|
| Hindi pagtanggap at/o pagkilala ng PhilID o PSN bilang tanging opisyal na katibayan ng pagkakakilanlan ng isang tao nang walang makatarungan at sapat na dahilan. | | Limang daang libong piso (PhP500,000.00) |
| 1. Paggamit ng PhilID o PSN sa iligal na pamamaraan<br>2. Paggamit ng PhilID o PSN upang mandaya o manloko<br>3. Paggamit ng PhilID o PSN para sa iba pang layunin na labag sa batas | | Ayon sa pagpapasya ng hukuman:<br>1. Pagkakakulong ng anim (6) na buwan hanggang dalawang (2) taon; **O**<br>2. Multa na limampung libong piso (PhP50,000.00) hanggang limang daang libong piso (PhP500,000.00); **O**<br>3. Pareho |
| Sadyang pagsusumite ng pekeng pangalan o maling impormasyon sa aplikasyon, pag-*renew*, o pag-*update* ng rehistrasyon sa PhilSys. | | Pagkakakulong ng tatlo (3) hanggang anim (6) na taon **AT** multa na isang milyong piso (PhP1,000,000.00) hanggang tatlong milyong piso (PhP3,000,000.00) |
| Hindi awtorisadong pag-isyu ng PSN, o hindi awtorisadong pag-*print*, pag-aayos, o pag-isyu ng PhilID. | | Pagkakakulong ng tatlo (3) hanggang anim (6) na taon **AT** multa na isang milyong piso (PhP1,000,000.00) hanggang tatlong milyong piso (PhP3,000,000.00) |

[138] §22, IRR.

[139] §22, IRR.

| | | |
|---|---|---|
| Sadyang pamemeke, pagsira, pagbabago, o manipulasyon ng PhilID. | | Pagkakakulong ng tatlo (3) hanggang anim (6) na taon **at** multa na isang milyong piso (PhP1,000,000.00) hanggang tatlong milyong piso (PhP3,000,000.00) |
| 1. Paggamit ng PhilID ng ibang tao nang walang makatwirang dahilan<br>2. Hindi awtorisadong paghawak ng PhilID ng ibang tao nang walang makatwirang dahilan<br>3. Pagmamay-ari nang peke, pineke, o binagong PhilID | | Pagkakakulong ng tatlo (3) hanggang anim (6) na taon **AT** multa na isang milyong piso (PhP1,000,000.00) hanggang tatlong milyong piso (PhP3,000,000.00) |
| Sadyang paglilipat ng PhilID o PSN sa ibang tao. | | Pagkakakulong ng tatlo (3) hanggang anim (6) na taon **AT** multa na isang milyong piso (PhP1,000,000.00) hanggang tatlong milyong piso (PhP3,000,000.00) |
| Pagkolekta o paggamit ng personal na datos na labag sa Seksyon 12 ng PhilSys Act at IRR nito. | | Pagkakakulong ng anim (6) hanggang sampung (10) taon **AT** multa na tatlong milyong piso (PhP3,000,000.00) hanggang limang milyong piso (PhP5,000,000.00).<br><br>Kung ang paglabag ay nagresulta sa pinansiyal na pakinabang (sa salarin), may karagdagang multa na doble sa halagang nakuha. |
| Sadyang paggamit o pagbubunyag ng impormasyon na labag sa Seksyon 17 ng PhilSys Act at IRR nito. | | Pagkakakulong ng anim (6) hanggang sampung (10) taon **AT** multa na tatlong milyong piso (PhP3,000,000.00) hanggang limang milyong piso (PhP5,000,000.00).<br><br>Kung ang paglabag ay nagresulta sa pinansiyal na pakinabang, may karagdagang multa na doble sa halagang nakuha. |

| | | |
|---|---|---|
| Hindi awtorisadong pag-*access* sa PhilSys, o pagproseso ng impormasyon (maliban sa dalawang huling nabanggit). | | Pagkakakulong ng anim (6) hanggang sampung (10) taon **AT** multa na tatlong milyong piso (PhP3,000,000.00) hanggang limang milyong piso (PhP5,000,000.00).<br><br>Kung ang paglabag ay nagresulta sa pinansiyal na pakinabang (sa salarin), may karagdagang multa na doble sa halagang nakuha. |
| **Kung ginawa ng mga opisyal, kawani, o ahente na responsable sa pamamahala ng PhilSys** | | |
| Intensyonal na pagbunyag ng impormasyon | | Pagkakakulong ng sampu (10) hanggang labinlimang (15) taon **AT** multa na limang milyong piso (PhP5,000,000.00) hanggang sampung milyong piso (PhP10,000,000.00).<br><br>Kung ang paglabag ay nagresulta sa pinansiyal na pakinabang, may karagdagang multa na doble sa halagang nakuha. |
| Kapabayaan na nagresulta sa:<br>a. Pag-*access* sa PhilSys ng mga hindi awtorisadong tao; o<br>b. Pagproseso ng impormasyon sa PhilSys nang walang awtorisasyon mula sa *PhilSys Act*, IRR nito, o iba pang batas | | Pagkakakulong ng tatlong (3) taon hanggang anim (6) taon **AT** multa na isang milyong piso (PhP1,000,000.00) hanggang tatlong milyong piso (PhP3,000,000.00) |

**51. Mayroon bang karagdagang parusa para sa mga opisyal o kawani ng pamahalaan?**

Oo. Sa lahat ng pagkakataon, kung ang may sala ay isang opisyal o kawani ng pamahalaan, may karagdagang parusa na *perpetual absolute disqualification* o habambuhay na diskwalipikasyon mula sa pampublikong opisina o trabaho, kahit pa sa kahit anong GOCC o mga sangay nito.[140]

**52. Ipinagbabawal ba ng PhilSys Act ang pagpataw ng iba pang mga parusa batay sa iba pang batas?**

Hindi. Ang mga parusang ipinapataw sa ilalim ng PhilSys Act ay idadagdag lamang sa maaaring ipataw na mga parusa base sa iba pang angkop na batas.[141]

[140] §19, RA 11055; *tignan din*: §24.8, IRR.

[141] §19, RA 11055; *tignan din:* §24.9, IRR.

## PAMAMAHALA AT PAGPAPATUPAD

### 53. Sino ang responsable sa pamamahala ng PhilSys?

Ang PSA ang pangunahing ahensya na tagapagpatupad ng batas.[142] Ito rin ang responsable sa pangkalahatang pagpaplano, pamamahala, at administrasyon ng System.[143] Ilan sa mga responsibilidad nito ay:

1. Paglalathala ng mga patakaran sa pagpapatupad at pagpapaganda ng System, kabilang ngunit hindi limitado sa, rehistrasyon, pagpapatunay, at *data governance.*[144]
2. Siguruhin ang integridad at seguridad ng System alinsunod sa PhilSys Act at iba pang mga angkop na batas at polisiya.[145]
3. Paglikha at pangangalaga sa PhilSys Registry na maglalaman ng PSN, *registered records*, at impormasyon ng lahat ng rehistradong tao sa PhilSys.[146]
4. Paglalathala ng mga gabay at pagsasagawa ng mga hakbang na naglalayong tiyakin ang pagkakaroon nang ligtas, maaasahan, at mabisang sistema ng pagpapatunay.[147]
5. Pakikipagtulungan sa mga LGU, iba pang ahensya ng pamahalaan, at GOCCs upang masiguro ang rehistrasyon at pag-e-*enrol* ng lahat ng mamamayan at *resident aliens*, kasama ang mga *Indigenous Cultural Communities/Indigenous Peoples (ICCs/IPs)* at mga nasa liblib na lokalidad.[148]
6. Paggamit nang bago at mas epektibong teknolohiya alinsunod sa layunin ng *PhilSys Act.*[149]
7. Siguruhing ang impormasyon sa PhilSys ay gagamitin lamang ayon sa layuning nakasaad sa batas.[150]

Ang PSA, habang tinutulungan ng DICT sa mga teknikal na bagay, ang magmamay-ari, mamamahala, magpapanatili, at mangangasiwa ng PhilSys.[151] Siya ang itinuturing na imbakan at tagapangalaga ng lahat ng datos na nakapaloob dito.[152]

Ang PSA ang may direktang kontrol at pamamahala sa buong proseso ng rehistrasyon, ayon sa mga probisyon ng *Memoranda of Agreement*[153] na magpagkakasunduan nito kasama ang iba pang mga ahensya ng pamahalaan na magiging mga *registration center* o maglalaan ng lugar para sa rehistrasyon.[154] Bagaman inaasahan na maglalaan ng lugar ang mga ahensya para na pagtatatagan ng mga *registration center*, ang PSA ang siyang dapat magbigay ng kinakailangang

---

[142] §15, RA 11055; *tignan din*: §15, IRR.

[143] §15, RA 11055.

[144] §15, RA 11055; *tignan din*: §15, IRR.

[145] §15, RA 11055; *tignan din*: §15, IRR.

[146] §7(b), RA 11055.

[147] §15, RA 11055; *tignan din*: §15, IRR.

[148] §15, RA 11055; *tignan din*: §15, IRR.

[149] §15, IRR; *tignan din*: §15, RA 11055.

[150] §17, RA 11055.

[151] §15, RA 11055; *tignan din*: §15, IRR.

[152] §7(b), RA 11055.

[153] Ang PSA at ang iba pang mga angkop na ahensiya ng gobyerno ay inaasahang magkakaroon ng hiwalay na Memoranda of Agreement na magsasaad ng kani-kanilang mga tungkulin at responsibilidad sa pagtatayo at pamamalakad ng mga *registration center*. [tingnan: §8(A), IRR].

[154] §8(A), IRR.

pasilidad, tao, kagamitan, *registration system*, at iba pang pangangailangan upang maisagawa ang rehistrasyon sa mga *registration center.*[155] Kasama sa mga responsibilidad nito ang pag-*install* ng mga makabagong *biometric machines* sa lahat ng kaukulang ahensya para sa pagpapatunay ng impormasyon at ng mga *identity holder.*[156]

Sa pagpapatupad ng PhilSys, dapat gawin ito ng PSA nang hindi makakaapekto sa operasyon ng mga ahensya ng pamahalaang nag-iisyu ng *card*, upang maiwasan ang pagkaantala sa paghahatid ng mga pampublikong serbisyo.[157]

Nakasaad din sa IRR na kailangang gumawa ng "transition plan" ng PSA upang paunti-unting mapag-isa at makonekta ang lahat ng sistemang pagkakakilanlan ng pamahalaan sa pamamagitan ng paglalagay ng PSN o ng mga deribatibo nito sa mga *database* ng lahat ng ahensya.[158] Layunin nitong "magbigay ng opisyal at sapat na patunay ng pagkakakilanlan ng rehistradong tao".[159] Ang planong ito, sa tulong ng DICT at iba pang kinauukulang ahensya, ay inaasahang gagawa ng mga *timeline* at *deliverable* na base sa mga alituntunin na inilabas ng PSPCC.[160] Saklaw din ito ng mga probisyon ng DPA at iba pang naaangkop na batas at regulasyon.[161]

**KOMENTO AT/O KATANUNGAN**

Ang mandato na ibinigay sa PSA na lumikha ng isang *"transition plan"* na inaasahang magtatatag ng *"pinag-isa at konektadong identification system"* ay tila kaduda-duda sapagkat ipinahihiwatig nito ang isang *identification system* na labis o higit pa sa inaasahang itatag sa pagpapatupad ng PhilSys Act.

### 54. Paano inaasahang makakayanan ng PSA ang karagdagang mga tungkulin nito sa ilalim ng PhilSys Act?[162]

Magkakaroon ng hiwalay na tanggapan sa loob ng PSA na magsasagawa ng mga tungkulin ng ahensya sa ilalim ng *PhilSys Act*. Direktang ilalagay ito sa ilalim ng Opisyal ng Pambansang Estadistiko na pamumunuan ng isang *Deputy National Statistician* (DNS).

May tatlong (3) serbisyong bubuohin sa ilalim ng bagong Tanggapan na ito. Bawat isa ay pamumunuan ng isang *Assistant National Statistician*:

1. PhilSys Registration Service (PRS). Magkakaroon ito ng tatlong (3) dibisyon:
    a. Pamamahala ng *Registration Center*
    b. *Conformance Services*
    c. Produksyon at Pamamahala ng ID

2. PhilSys Central Processing Service (PCPS). Magkakaroon ito ng dalawang (2) dibisyon:
    a. Pag-*validate* ng Pagkakakilanlan
    b. Operasyon at Pagpapanatili

---

155 §8, IRR.

156 §15, RA 11055.

157 §25, IRR.

158 §25, IRR.

159 §25, IRR.

160 §25, IRR.

161 §25, IRR.

**162** §15, IRR; *tignan din*: §15, RA 11055.

3. PhilSys Policy, Coordination, and Monitoring Service (PPCMS). Magkakaroon ito ng dalawang (2) dibisyon:
    a. Polisiya at Koordinasyon
    b. *Risk Management* at *Monitoring*

Ang PSA ay magtatakda rin ng mga *Regional Director* bilang mga tagapangasiwa at tagapag-ugnay ng kanyang mga rehiyon hinggil sa pagpapatupad ng batas. Para sa layuning ito, magkakaroon ng isang dibisyon sa bawat *Regional Statistical Service Office* (RSSO) ng PSA na may tungkulin na bantayan at pangasiwaan ang rehistrasyon ng mga aplikante at ang pagmimigay ng PSNs at PhilIDs.

### 55. Sino ang kwalipikado maging Deputy National Statistician (DNS) o Assistant National Statistician (ANS)?[163]

Ang mga sumusunod ang *minimum* na kwalipikasyon ng isang DNS o ANS:
1. *Master's degree* na angkop sa posisyon
2. Kaugnay na karanasan sa pamamahala

Ang DNS at ANS ay itatalaga ng Pangulo ng Pilipinas ayon sa rekomendasyon ng Pambansang Estadistiko. Ang DNS ay magkakaroon ng ranggo na katumbas ng *Assistant Secretary* o *Director IV* sa iba pang mga ahensya ng pamahalaan. Kanila ding matatamasa ang mga benepisyo at pribilehiyo ng mga nabanggit na posisyon.

**KOMENTO AT/O KATANUNGAN**

1. Hindi nakasaad kung ano ang mga degree na ituturing na "angkop" para sa mga posisyon ng DNS at ANS.
2. Hindi nabanggit kung ano ang ranggo ng ANS. Hindi rin malinaw kung ang ibig sabihin ba ng IRR ay ang DNS ang may ranggo ng *Assistant Secretary*, habang ang ANS ang may ranggong *Director IV.*

### 56. Ano ang PhilSys Policy and Coordination Council?

Ang *PhilSys Policy and Coordination Council* (PSPCC) ay itinatag ng PhilSys Act upang bumuo ng mga patakaran at gabay na magtitiyak ng epektibong koordinasyon at implementasyon ng PhilSys.[164]

Bukod sa kanilang pangunahing tungkulin, inaasahan na gagampanan ng PSPCC ang mga sumusunod na kapangyarihan at tungkulin:[165]

1. tiyakin na magkatugma o *compatible* ang imprastruktura ng teknolohiya ng iba't ibang ahensya ng pamahalaan upang matugunan ang mga pangangailangan ng PhilSys;[166]
2. pagtibayin ang kooperasyon at kolaborasyon sa pagitan ng mga ahensya ng pamahalaan sa kanilang implementasyon ng PhilSys;
3. kung kinakailangan, konsultahin at humingi ng tulong at suporta mula sa mga kinauukulang ahensya ng pamahalaan, akademya, pati na rin sa pribadong institusyon o indibidwal, sa pagbuo, pagsusuri, o pagbabago ng mga patakaran at gabay ("*guides*");

---

**163** §15, IRR.

164 §16, RA 11055; *tignan din*: §16, IRR.

165 §18, IRR.

166 §16, RA 11055.

4. maglabas ng mga alituntunin upang sumunod sa mga *international standards* sa seguridad ng pagkakakilanlan at proteksyon ng datos; at
5. kung kinakailangan, mag-rekomenda sa Kongreso ng mga hakbang o pagbabago sa PhilSys Act at iba pang kaugnay na batas.

Ang PSA ang magiging *Secretariat* ng PSPCC. Tutulong ito sa Konseho sa pamamagitan ng pagbibigay ng administratibong suporta at pagganap ng iba pang mga tungkulin ayon sa mga tagubilin nito.[167]

### 57. Sinu-sino ang mga miyembro ng PSPCC?

Ang PSPCC ay binubuo ng mga opisyal na kumakatawan sa labing-apat (14) na ahensya ng pamahalaan:[168]

1. Kalihim, National Economic and Development Authority (NEDA)
2. Pambansang Estadistiko at Civil Registrar General, Philippine Statistics Authority (PSA)
3. Undersecretary, Department of Budget and Management (DBM)
4. Undersecretary, Department of Foreign Affairs (DFA)
5. Undersecretary, Department Information and Communications Technology (DICT)
6. Undersecretary, Department of Finance (DOF)
7. Undersecretary, Department of Social Welfare and Development (DSWD)
8. Undersecretary, Department of Interior and Local Government (DILG)
9. Chairperson, National Privacy Commission (NPC)
10. Deputy Governor, Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP)
11. Pangulo at Pangkalahatang Tagapamahala, Government Service Insurance System (GSIS)
12. Pangulo at Chief Executive Officer, Philippine Health Insurance Corporation (PHIC)
13. Pangulo at Chief Executive Officer, Social Security System (SSS)
14. Postmaster General, Philippine Postal Corporation (PhilPost)

Ang Kalihim ng NEDA at Pambansang Estadistiko ng PSA ay magkatambal (“joint”) na tagapamahala ng Konseho, samantalang ang Undersecretary ng DBM ang magiging bise-tagapamahala.[169]

### 58. Ilang ahensya ng pamahalaan ang kasali sa pagpapatupad ng PhilSys?

Bagamat limitado sa 14 miyembro-ahensya ang PSPCC, walang tiyak na bilang ang mga ahensya at opisina na ang maaaring masali sa huli. Bilang patunay, sa paunang rehistrasyon pa lamang, ang mga sumusunod na ahensya ng pamahalaan—na hindi naman miyembro ng PSPCC—ay tinukoy sa PhilSys Act at sa IRR nito bilang kasama sa proseso:[170]

1. Home Development Mutual Fund (HDMF)
2. Commission on Elections (COMELEC)
3. mga lokal na pamahalaan, sa pamamagitan ng kanilang kinauukulang Local Civil Registry Offices
4. iba pang mga ahensya ng pamahalaan at mga GOCCs na maaaring italaga ng PSA

Bukod dito, sinasabi rin ng batas at ng IRR na dapat makipagtulungan ang PSA sa mga LGU, iba pang ahensya ng pamahalaan, at GOCCs, upang matiyak ang rehistrasyon ng lahat ng Pilipino at residenteng dayuhan sa PhilSys, kabilang ang mga katutubo o *Indigenous Cultural Communities/ Indigenous Peoples* (ICCs/IPs) at mga nasa liblib na mga lokalidad.[171] Maaari ring humiling ang

---

[167] §20, IRR.

[168] §16, RA 11055; *tignan din*: §17, IRR.

[169] §16, RA 11055; *tignan din*: §17, IRR.

[170] §9, RA 11055; *tignan din*: §8(A), IRR.

[171] §15, RA 11055; *tignan din*: §15, IRR.

PSA ng tulong at seguridad mula sa mga kinauukulang ahensya sa pagpapatupad ng *mobile registration.*[172]

### 59. Paano mapopondohan ang implementasyon ng PhilSys?

Ang halagang kinakailangan upang maisakatuparan ang *PhilSys Act* ay isasama sa *General Appropriations Act.* [173]

| KOMENTO AT/O KATANUNGAN |
| --- |
| Hindi malinaw kung ang bawat ahensya ng pamahalaan na kasama sa implementasyon ay papayagang maglaan o magtakda ng halaga para sa pagpapatupad ng PhilSys Act, o kung ang PSA lamang ang maaaring gumawa ito. |

## PANGKALAHATANG PAGSUSURI

### 60. Ano ang ilan sa mga positibong katangian ng PhilSys?

a. *Kinikilala nitong patakaran ang pagtaguyod at proteksyon ng karapatang pantao.* Kinikilala nito ang pangangailangan na magtatag ng isang *resilient* o matatag na *digital system* na “magpapanatili ng seguridad ng mga nakolektang datos at magtitiyak na ang karapatan ng mga tao sa *privacy*, *confidentiality*, at iba pang *basic rights* ay laging itinataguyod at pinoprotektahan."[174]

b. *Bahagyang kinikilala nito ang ilang mga partikular na karapatan ng mga indibidwal kaugnay ng kanilang personal na datos.*

   i. *Karapatan sa impormasyon*. Ang mga rehistradong tao, sa panahon ng rehistrasyon, ay kinakailangang mapaliwanagan kung paano gagamitin ang kanilang mga datos, at kung paano nila maa-*access* ang kanilang *registered information* at *record history*.[175] Ang isang entidad na nagnanais na humingi ng pagpapatunay ng PSN o PhilID ay kinakailangang ipaalam din sa mismong indibidwal ang: (1) impormasyon na maaaring ibahagi; at (2) kung para saan gagamitin ang makukuhang impormasyon.[176]

   ii. *Karapatan sa pag-access*. Maaaring humiling ang isang rehistradong tao ng *access* sa kanyang *registered information*, kasama ang kanyang *record history*.[177] Gayunpaman, ang pag-*access* ay dapat alinsunod sa mga gabay at regulasyon na inilabas ng PSA. Kung maaaring tanggihan ang hiling, parang inaalis na rin nito ang ideya ng pagkakaroon ng karapatan.

   iii. *Karapatan sa pagwawasto*. Maaaring humiling ang isang rehistradong tao ng mga pagbabago o pagwawasto sa kanyang *registered information*.[178]

[172] §15, IRR.

[173] §22, RA 11055; *tignan din*: §27, IRR.

[174] §2, RA 11055.

[175] §18, RA 11055.

[176] §12, RA 11055.

[177] §17, RA 11055; §21, IRR.

[178] §11, IRR.

Ngunit ang PhilSys Act mismo ay tila hindi kinikilala ang posibilidad na magkaroon ng pagkakamali sa impormasyon at kakailanganin ang pagwawasto. Ang binanggit lamang nito ay ang pagbabago at pag-a-*update* ng impormasyon.[179]

c. *May mga probisyon ito tungkol sa pahintulot ("consent").*

   i. Ang isang entidad na nagnanais na humingi ng pagpapatunay ng PSN o PhilID ng isang tao ay kinakailangang kumuha muna ng pahintulot ng indibidwal na ito bago kolektahin ang kanyang impormasyon.[180]

   ii. May dalawang paraan lamang kung saan maaaring ipakita, ibunyag, kolektahin, itala, ikalat, ilathala, o gamitin ang rehistradong impormasyon ng isang tao sa o ng mga ikatlong partido, at isa dito ay kung ibinigay ng indibidwal ang kanyang pahintulot.[181]

d. *Nakasaad sa PhilSys Act ang mga krimen at mga kaparusahan nito. Tingnan ang Tanong #50.*

e. *Nagtakda ang PhilSys Act at ang IRR nito ng ilang mga hakbang para sa seguridad. Tingnan ang Tanong #45-49.*

**61. Ano ang ilan sa mga negatibong katangian ng PhilSys?**

a. *Pinapayagan nito ang dataveillance.* Kasama ang impormasyon tungkol sa isang mamamayan o *resident alien* na kinakailangan ayon sa PhilSys Act sa kahulugan ng *registered information*.[182] Samantala, kasama naman sa impormasyon tungkol sa isang rehistradong tao ang kanyang *record history.* Dahil dito, posibleng magkaroon ng detalyadong tala ang pamahalaan ng mga aktibidad ng isang tao, tulad ng bilang ng mga pagkakataong nakakuha siya ng benepisyo mula sa isang ahensya ng pamahalaan, tinangkilik ang partikular na tindahan o negosyo, gumamit ng credit card, nakatanggap ng serbisyong medikal, nag-*withdraw* ng pera, humiram ng libro sa pampublikong aklatan, nag-*access* ng Internet, gumamit ng pampublikong transportasyon, at iba pang aktibidad kung saan maaaring gamitin ang PhilID at/o PSN. Mula dito, maaaring mahinuha ng pamahalaan ang mga detalye ng isang tao tulad ng *travel history*, *shopping habits,* mga hilig at interes, katayuang pinansyal, at iba pa. Kung batay lamang sa PhilSys Act, ang tanging bagay na naglilimita sa laki ng nakatalang impormasyon ay ang paggamit ng mga ahensya ng pamahalaan at pribadong sektor sa PhilSys. Kung gayon, para na ring wala itong limitasyon sapagkat ang mga entidad na ito ay mapipilitang tangkilikin ang PhilSys:

   i. Ang PhilID ay ang magiging "opisyal na dokumentong pagkakakilanlan (*identification document*) galing sa pamahalaan" kapag nakikipagtransaksiyon sa lahat ng mga NGA, LGU, GOCC, GFI, at pribadong sektor.[183]
   ii. Inaatasan ang mga ahensya ng pamahalaan at pribadong entidad na tanggapin ang PhilID o PSN bilang lehitimong katibayan ng pagkakakilanlan, alinsunod sa wastong proseso ng pagpapatunay.[184]

---

179 *tignan*: §11, RA 11055.

180 §12, RA 11055.

181 §17(a), RA 11055.

182 §5(j), RA 11055.

183 §7(c)(2), RA 11055.

184 §12, RA 11055.

iii. Inuutos ng batas na tanggapin at kilalanin ang PhilID sa lahat ng transaksyon na nangangailangan ng patunay ng pagkakakilanlan.[185]
iv. Ang batas ay nagpapataw ng multa sa sinumang tao o entidad na di-makatwirang tatanggihan ang PhilID o PSN bilang opisyal na pagkakakilanlan ng isang rehistradong tao.[186]

Sa ngayon, itinakda ng IRR ang isang (1) taon na retention period para sa *record history* ng isang tao. Gayunpaman, ang proteksyong ito ay hindi nababanggit sa batas kung kaya't madali itong bawiin o alisin sa mga susunod na alituntunin ng PSA.

b. *Ang mission o function creep ay kasama mismo sa sistema*. Mayroong *mission creep* ang isang sistema ng pagkakakilanlan kung ang ito ay inilaan para sa malawakang paggamit o nakadisenyo ito upang mangolekta ng personal na datos na higit pa sa itinakdang layunin nito.

Sa kaso ng PhilSys, ito ay inilaan para sa malawakang paggamit. Mayroong butas ang batas sa utos nitong limitahan ang paggagamitan ng impormasyon sa sistema. Bagamat sinasabi nito na ang PSA, bilang tagapamahala ng sistema, ay dapat tiyakin na ang *registered information* ay ginagamit lamang ayon sa itinakdang layunin,[187] taliwas ito sa probisyon na pinapayagan ang pagggamit ng PhilID at/o PSN nang walang limitasyon:[188]

> "Ang PhilID ay dapat tanggapin at kilalanin, alinsunod sa proseso ng pagpapatunay, sa lahat ng transaksyon na nangangailangan ng patunay o beripikasyon ng pagkakakilanlan ng mga mamamayan o residenteng dayuhan, tulad ng, ngunit hindi limitado sa:
>
> (a) xxx
>
> ....
>
> (l) Iba pang mga transaksyon, gamit, o layunin, ayon sa maaaring itakda sa IRR.

Nakasaad sa aprobadong IRR na dapat walang karagdagang transaksyon, gamit, o layunin ang isasama. Gayunpaman, nananatili ang katotohanang may kapangyarihan ang PSA na magdagdag ng kahit ilang posibleng gamit para sa ID na itinuturing nito na kinakailangan.

c. *Wala itong limitasyong sa dami ng kokolektahing biometric information*. Ang disenyo ng PhilSys ay nagpapahintulot ng pagkolekta ng mas maraming personal na datos na higit pa sa nilalayon nito. Bagamat itinakda ng batas ang mga uri ng impormasyong kukunin na bubuo sa *demographic information*, walang nabanggit na limitasyon sa pagkolekta ng *biometric information*. Sa katunayan, binigyan ng batas ang PSA ng awtoridad o kapangyarihan na palawakin ang saklaw ng pagkolekta ng *biometric information*.[189]

d. *Nagbigay ito ng oportunidad na magtatag ng isang sistema ng pagkakakilanlan.* Sinasabi ng PhilSys Act na ang PSA ay inaasahang "paunti-unting mapag-isa at makonekta ang lahat ng sistemang pagkakakilanlan ng pamahalaan".[190] Bukod rito,

---

[185] §13, RA 11055.

[186] §19, RA §11055.

[187] §17, RA 11055.

[188] §13, RA 11055.

[189] §8, RA 11055.

[190] §20, RA 11055.

sinasabi rin ng IRR na dapat lumikha ang PSA ng isang *transition plan* upang unti-unting mapag-isa at makonekta ang lahat ng umiiral na mga sistema ng pagkakakilanlan ng pamahalaan sa pamamagitan ng paglalagay ng PSN o ng mga deribatibo nito sa mga *database* ng lahat ng ahensya.[191] Ang parehong probisyon ang nagpapahina ng prinsipyo ng limitasyon sa pagkolekta ng impormasyon na itinatag sa batas.

[191] §25, IRR.